# Handout 1

Basahin nang malakas ang sumusunod na sitwasyon:

Isa sa mga kaibigan mo ang tinuturuan ng mga full-time missionary. Kinausap ka niya at sinabi, "Noong nakaraang lesson, inanyayahan ako ng mga missionary na magpabinyag. Naniniwala ako kay Jesucristo at tinatanggap ko ang mga itinuturo sa akin ng mga missionary. Pero hindi ko maintindihan kung bakit kailangan kong mabinyagan, samantalang nabinyagan na ako sa simbahan namin noong bata pa ako."

Pag-usapan ninyong magkakapartner kung ano ang isasagot ninyo sa kaibigang ito gamit ang Mateo 3:13–17. Maging handa kayong ibahagi ang napag-usapan ninyo. (Tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 22 para malaman kung ano ang isinagot ng Panginoon sa ilang tao na may gayunding alalahanin noong nagsisimula pa lang ang Panunumbalik).

# Handout 2

Basahin nang malakas ang sumusunod na sitwasyon:

Kayo at ang isa sa mga kaibigan ninyo, na isang Kristiyano, ay nag-uusap tungkol sa relihiyon. Sinabi niya sa inyo na, "Naniniwala ako na ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu ay iisang nilalang. Hindi ba ganito ang paniniwala ninyo? Kung oo, bakit?"

Pag-usapan ninyo kung ano ang isasagot ninyo sa kaibigang ito gamit ang Mateo 3:13–17. Maging handa na ibahagi ang napag-usapan ninyo. (Maliban pa sa nakatala sa Mateo 3, maaari din ninyong gamitin ang Juan 17:20–22. Sinasabi rin sa mga talatang ito na ipinagdasal ni Jesus na maging isa ang lahat ng Kanyang mga disipulo, tulad Niya at ng Ama na isa [nagkakaisa sa layunin]. Hindi ibig sabihin ni Jesus na maging iisang nilalang ang lahat ng disipulo ni Cristo.)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2015 NG INTELLECTUAL RESERVE, INC. LAHAT NG KARAPATAN AY NAKALAAN.